

Mayo 7, 2020

Importanteng Abiso mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad tungkol sa Karagdagang Patnubay sa mga Pagbabayad para sa mga Serbisyonang Hindi Panresidensyal

Anong dapat malaman Maaari kayong matulungan ng mga taong tumutulong sa inyo sa labas ng inyong bahay sa iba pang paraan.

Maaaring iba ang tulong na iyon sa panahon ng COVID-19 kaysa dati. Gusto naming siguraduhin na patuloy kayong nakatatanggap ng mga serbisyonang kailangan ninyo.

Ano ang nagbabago

Maaari kayong tulungan ng mga provider ng serbisyo kung saan kayo nakatira sa mga bagong paraan gaya ng:

- Pagtulong sa inyo na makipag-usap sa mga kaibigan at kapamilya
- Pagbibigay sa inyo ng mga aktibidad na gagawin sa bahay
- Paghahatid ng pagkain o mga supply
- Pakikipag-usap sa inyo sa telepono o computer
- Pagtulong sa inyo sa mga bagay na kailangan ninyo, gaya ng mga grocery o mga appointment sa doktor

Maaari din silang makipagtulungan sa inyong Sentrong Panrehiyon upang bigyan kayo ng tulong sa loob ng inyong bahay. Gusto rin naming siguraduhin na may sapat na sinanay na mga tauhan ang mga provider upang matulungan kayo at ang ibang tao sa panahong ito.

May mga tanong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na sentrong panrehiyon. Kung hindi nila kayo matulungan, mangyaring mag-email sa DDSC19@dds.ca.gov

Alamin pa

Basahin ang abiso ng Kagawaran tungkol sa Idineklarang State of Emergency ni Governor Gavin Newsom dahil sa biglang paglitaw ng COVID-19.

Link sa buong teksto ng direktiba ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad:
[Karagdagang Patnubay sa mga Pagbabayad para sa mga Serbisyonang Hindi Panresidensyal](#)